
ANO ANG
PINAKA-
MAHALAGANG
DESISYON
MO SA BUHAY?

GUMAGAWA TAYO NG IBA'T IBANG URI NG DESISYON.

MABABAW AT SIMPLENG DESISYON
"Saan kakain?"
"Anong susuotin?"

MAS MAKABULUHANG DESISYON
"Anong trabaho ba ang dapat kong pasukan?"

MAKAPAGBABAGONG-BUHAY NA DESISYON
"Sino ang papakasalan ko?"

Ngayon, may isang desisyon kang kailangang gawin na makaaapekto sa iyong buhay na

WALANG HANGGAN.

APAT NA KATOTOHANAN na dapat nating lubos na maintindihan:



UNANG KATOTOHONAN

MAHAL KA NG DIYOS AT NAIS NIYANG IKAW AY...

MAGKAROON NG BUHAY NA WALANG HANGGAN SA PILING NIYA.

"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."


JUAN 3:16

MAGKAROON NG MASAGANA AT MAKABULUHANG BUHAY KASAMA SIYA.

"Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, buhay na masaganang lubos."

JUAN 10:10

Sa kabila nito, maraming tao ang hindi nakararanas ng makabuluhang buhay at hindi nakasisiguro kung sila'y may buhay na walang hanggan dahil...



IKALAWANG KATOTOHANAN

LIKAS NA **MAKASALANAN** ANG TAO, KAYA'T **NAWALAY** SIYA SA **DIYOS.**

ANG LAHAT AY NAGKASALA.

"sapagkat ang lahat ay nagkasala, at walang sinumang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."

ROMA 3:23



TAYO

Problema natin ay ang Kasalanan

DIYOS

ANG KABAYARAN NG KASALANAN AY KAMATAYAN.

"Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan..."

ROMA 6:23a

MAY TINUTUKOY NA DALAWANG URI NG KAMATAYAN ANG BIBLIYA:


PISIKAL NA KAMATAYAN

"Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom."

MGA HEBREO 9:27

ESPIRITUWAL NA KAMATAYAN O WALANG HANGGANG PAGKAWALAY SA DIYOS

"Subalit para naman sa mga duwag, mga taksil, mga gumagawa ng mga kasuklam-suklam na bagay, mga mamamatay-tao, mga nakikiapid, mga mangkukulam, mga sumasamba sa diyus-diyosan, at sa lahat ng mga sinungaling—ang magiging bahagi nila'y sa lawa ng nagliliyab na apoy at asupre. Ito ang pangalawang kamatayan." PAHAYAG 21:8




KUNG ANG TAO AY NAWALAY SA DIYOS DAHIL SA KANYANG KASALANAN, ANO ANG SOLUSYON SA PROBLEMA NIYANG ITO?

Madalas nating
iniisip na ang

RELIHIYON
MABUTING GAWA
KABUTIHANG ASAL

ay mga solusyon.

Ngunit iisa lang ang
solusyon na galing sa Diyos.



IKATLONG KATOTOHANAN

SI **JESU-CRISTO** LAMANG ANG **TANGING** DAAN PATUNGONG LANGIT.

GANAP NIYANG BINAYARAN ANG KAPARUSAHAN NG IYONG MGA KASALANAN.

"Sapagkat si Cristo na walang kasalanan ay namatay nang minsan para sa inyo na mga makasalanan, upang iharap kayo sa Diyos..."

1 PEDRO 3:18a

BAKIT?
ITO AY
PAHAYAG
NG DIYOS.

Sumagot si Jesus, “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makakapunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.

JUAN 14:6



PATUNAY NA ANG KANYANG MULING PAGKABUHAY AY SIYA ANG ANAK NG DIYOS — ANG MESIYAS AT TANGING TAGAPAGLIGTAS.

“ay tungkol sa kanyang Anak, ang ating Panginoong Jesu-Cristo. Tungkol sa kanyang pagiging tao, siya’y ipinanganak mula sa lahi ni David; subalit tungkol sa kanyang pagka-Diyos, pinatunayan ng Banal na Espiritu na siya ay Anak ng Diyos sa pamamagitan ng isang makapangyarihang gawa, ang kanyang muling pagkabuhay.”

ROMA 1:3–4

NGUNIT HINDI SAPAT NA MALAMAN LANG NATIN KUNG

ANO ANG GINAWA NI JESU-CRISTO.

IKAAPAT NA KATOTOHANAN


KAILANGAN NATING ILAGAY ANG ATING PANANAMPALATAYA SA PANGINOONG JESU-CRISTO PARA TAYO'Y MALIGTAS.

ANG KALIGTASAN NATIN AY DAHIL SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG PANANALIG KAY JESU-CRISTO.

Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y kaloob ng Diyos at hindi mula sa inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang maipagmamalaki ang sinuman.

EFESO 2:8-9


Ang kaligtasan natin ay dahil sa kagandahang-loob ng Diyos sa pamamagitan ng pananalig kay Jesu-Cristo.



Base sa **EFESO 2:8-9**, kung ang kaligtasan ay maaaring ilahad sa pamamagitan ng *formula*, alin sa mga sumusunod ang sa tingin mo ay tama?

☐ **PANANALIG KAY JESUS + MABUTING GAWA = KALIGTASAN**

☐ **PANANALIG KAY JESUS + WALANG MULA SA ATIN = KALIGTASAN**



ANG MGA MABUTING GAWA

ay hindi paraan upang tayo'y maligtas, _____ kundi

ISANG KATIBAYAN O BUNGA NG ATING KALIGTASAN.

IPINAPAKITA NATIN ANG ATING PANANAMPALATAYA KAY JESU-CRISTO SA PAMAMAGITAN NG:

1. Pagtanggap ng Kanyang regalong buhay na walang hanggan
2. Pagtalikod sa ating mga kasalanan
3. Pagsuko ng buhay natin sa Kanya

Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

ROMA 6:23

Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak. Sa pamamagitan niya ay napalaya tayo, samakatuwid ay pinatawad ang ating mga kasalanan [sa pamamagitan ng kanyang dugo].

COLOSAS 1:13–14

KUNG IKAW AY MANANAMPALATAYA KAY JESU-CRISTO, MAKAKATIYAK KANG MAYROON KANG BUHAY NA WALANG HANGGAN, AYON SA PANGAKO NG DIYOS.

"At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng kanyang Anak. Kung ang Anak ng Diyos ay nasa isang tao, mayroon siyang buhay na walang hanggan; ngunit kung wala sa kanya ang Anak ng Diyos ay wala siyang buhay na walang hanggan."

1 JUAN 5:11-12

ITO ANG DESISYON NA MAGTATAKDA NG IYONG PANGHABAMBUHAY NA TADHANA.

HANDA KA BANG MAGTIWALA AT SUMUNOD KAY **JESU-CRISTO BILANG IYONG PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS?**

IPANALANGIN MO ITO NG MAY PANANAMPALATAYA:

Hindi ang panalanging ito ang nagliligtas. Ang pananampalataya kay Jesu-Cristo ang nagliligtas. Ang panalangin ay paraan lamang upang ipahayag ang iyong pagtitiwala sa Kanya.

PANGINOONG JESUS, maraming salamat sa labis Mong pagmamahal sa akin. Inaamin kong ako'y makasalanan at humihingi ako ng Iyong kapatawaran. Salamat sa Iyong pagkamatay sa krus upang bayaran ang lahat ng aking kasalanan.

Magmula ngayon, **AKO'Y MAGTITIWALA SA IYO** bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Tinatanggap ko ang Iyong kaloob na buhay na walang hanggan at isinusuko ko ang buhay ko sa Iyo.

TULUNGAN MO AKONG SUMUNOD SA LAHAT NG IYONG UTOS AT MAGING NAKALULUGOD SA IYO. Amen.

NGAYONG IPINAGKATIWALA MO NA ANG IYONG BUHAY KAY JESU-CRISTO, IKAW AY MAYROON NANG:

BUHAY NA WALANG HANGGAN AT KAPATAWARAN

"Isinusulat ko ito sa inyo upang malaman ninyo na kayong sumasampalataya sa Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggan."

1 JUAN 5:13

BUHAY NA WALANG HANGGAN; KAPATAWARAN



J E S U S

TAYO

DIYOS

ANG LAHAT NG KASALANAN MO AY BAYAD NA AT NAPATAWAD NA.

(NOON, NGAYON, AT SA HINAHARAP)

Pagkatapos ay sinabi pa niya, "Kalilimutan ko na ang kanilang mga kasalanan at kasamaan."

MGA HEBREO 10:17

IKAW AY BAGO NANG NILALANG SA PANINGIN NG DIYOS. NGAYON ANG SIMULA NG IYONG BAGONG BUHAY.

"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago."

2 CORINTO 5:17

IKAW AY NAGING ANAK NG DIYOS.

"Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos."

JUAN 1:12

Ikaw ngayon ay mayroon nang personal at permanenteng relasyon sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Upang lumalim ang iyong relasyon sa Kanya:

- **MANALANGIN SA DIYOS ARAW-ARAW.**
  Ito ay ang pakikipag-usap sa Diyos.
- **BASAHIN ARAW-ARAW ANG BIBLIA.**
  Dito ka kakausapin ng Diyos. Umpisahan mo sa ebanghelyo ni Juan. Magbasa ng isang kabanata araw-araw at humingi ng gabay sa Banal na Espirito upang maunawaan ito.

- **MAGING BAHAGI NG *DISCIPLESHIP GROUP.*** Kilalanin mong mas mabuti ang Diyos at mabuhay nang nakalulugod sa Kanya.
- **DUMALO SA ISANG SIMBAHANG NANINIWALA SA BIBLIA UPANG MATUTO TUNGKOL SA DIYOS.**
- **IBAHAGI ANG *BOOKLET* NA ITO SA IYONG PAMILYA, MGA KAIBIGAN, AT IBA PA.**

At bilang pag-alaala sa iyong pagtanggap kay Jesu-Cristo bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas, basahin ang mga sumusunod at lagdaan ang iyong pangako.

Ngayon ang iyong espirituwal na kaarawan. **MALIGAYANG KAARAWAN!**

NGAYON, **AKO'Y NAGTIWALA KAY JESU-CRISTO BILANG AKING PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS** AT **TINANGGAP KO ANG KALOOB NIYANG BUHAY NA WALANG HANGGAN**. MULA NGAYON, SUSUNDIN KO SI JESUS HABANG-BUHAY.

Pangalan:

Petsa:



CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

C5 CORNER ORTIGAS AVENUE,
ORTIGAS EAST, PASIG CITY

(02) 8866 9900
questions@ccf.org.ph
www.ccf.org.ph

facebook.com/CCFmain
instagram.com/CCFmain
youtube.com/CCFmainTV

I-DOWNLOAD ANG
CCF MOBILE APP